Dr. Lulu Bravo: Nasa 350 000, pero ito ang sinasabi ko. Ang sabi ng vaccine trialist, I think yung sa moderna, yung kay Dr. Faucci, ang sabi nila, yung 350 000 na nagenlist, only about 10% are blacks and latinos, ibig sabihin, yan yung mga hindi masyado maganda ang buhay, yung mga income group, kasi ang gusto nga nila mas marami ang Latino at mga blacks, yung mga colored, kasi yun ang mas delikado sa COVID. But ang nakita nila, mas marami ang nag eenroll na mga puti at frontliners, so ano ang ibig sabihin non? Hindi naman yung inducement plan. Ang malaking nakikita ng mga tao sa pagsali sa trial is yung maaring benepisyo. At yon, pag naiintindihan mo yon, at ipinaliwanag sa iyo ng husto ng mga trialists, I think ay napakagandang ano yan, hindi lang yung pera, I doubt if it is just the money, and mind you, yung sinet aside ng ERB na pera, kulang na, dahil wala tayong transportation. Kailangan mag-grab ka, eh magkano ang Grab? Isang distance lang 500 na e pano pabalik? O another 500. Yan ang problema namin ngayon kasi ang laki na nag kulang dun sa tinatawag mo Jimmy kanina na compensation, kasi yung sinet aside o in-approve ng ERB na ibibigay na transportation, sa nanahon ngayon, kulang. [laughs] Sorry ha, we have to amed that kasi sa Grab lang 500 na para pumunta ang pasyente doon sa site.

Dr. Isagani Padolina: Ma'am, so maraming tanong na...gusto ko lang sabihan kila Maria Catherine Cruz, Kristine Sabillo na nakita namin yung mga tanong nyo at itatanong namin as soon as it is appropriate. Ma'am last na tanong, kasi meron akong tanong rito para kay DG Domingo sa FDA, so para kina Dr. Jimmy at saka Dr. Lulu ulit. Yung mga dinadala nating volunteers, ini-infect ba natin yan ng virus? Ganun ba ang ating mode? Baka gusto nyong iexplain kung paano naeexpose.

Dr. Jaime Montoya: Okay, kailangan nating linawin ano, ang pinag-uusapan natin ay bakuna. Ang bakuna ay binibigay sa mga taong wala pang sakit at ito ay ibinibigay para maproteksyonan ka sa sakit. So ibig sabihin, kung ito ay ating i-tetest, sa isang clinical trial, ito ay para sa malulusog, o yung mga taong wala pang sakit, kasi hindi ito gamot. Ang gamot binibigay kapag maysakit ka, pag binigyan ka gagaling ka. Ito, kailangan walang sakit ang bibigyan ng bakuna. At usually ginagawa ito sa isang lugar na may transmission na tinatawag o yung maraming kaso ng COVID. Bakit? Dahil kailangang malaman natin kung ang isang tao ay naexpose, o nagkaroon ng pagkakataon na mai-harap sa isang

nakakahawang virus. Sya ay hindi magkakaroon ng sakit dahil binigyan sya ng bakuna. Yung bakuna ang nag-stimulate at nagpasigla ng kanyang immune system para laban yung impreksyon. So klaruhin natin na ang bakuna ay ibinibigay sa walang sakit. At ito ay ibinibigay para maproteksyunan sya para sa sakit o doon sa sa virus.

Dr. Isagani Padolina: Kaya po siguro importante na kailangan natin ma-elaborate na ang ating mga clinical studies ay nandun sa mga high prevalence areas. Pwede po ba ninyo i-elaborate iyon?

Dr. Jaime Montoya: Well yes, bibigyan ko lang ng introducksyon utong Solidarity Trial, kasi yung trial na gagawin natin sa Pilipinas na committed tayong i-support, ay isa iyon sa pinakamahalagang criterion para gawin. Gagawin iyon sa isang lugar na maraming kaso, dahi ibig sabigin, merong nangyayaring transmission dyan o pagpapasa pasa noong virus sa populasyon na iyon. Doon magandang subukan ang bakuna dahil doon natin makikita kung epektibo. Although may mga test pang gagawin.

Dr. Lulu Bravo: Merong mga pagkakataon na merong human challenge, na magbibigay ka ng bakuna, pagkataps, iinfect mo. Madalas ginagawa yon sa preclinical, sa mga animasl, sa mga monkey, guinea pigs para maging sigurado na nakakatulong yung bakuna. Sa humans, the ethic review commitee, I doubt, will do that. Kasi sabi nila para mapabilis yung resulta, para malaman mo agad kung talagang makakapag protect yan sa tao, edi gawin mo. I-challenge mo or bugyan mo ng COVID-19, pero the ethics review committee will never do that, dahil walang gamot sa COVID. Alam mo sa malaria ginawa yan e noong araw, pero sa COVID, hindi mangayayri yun an bigyan mo ng sakit para malaman kung ang nabakunahan ay naprotektahan o hindi, per yun ang pinaka mabilis na paraan para malaman mo talaga kung naka protekta yung bakuna o hindi.

Dr. Jaime Montoya: Linawin ko lang ano, kasi baka akala ng ating mga kababayan e gumagawa tayo ng human challenge. Sa Pilipinas, hindi natin ipahihintulot yung ganong pamamaraan ng pag-aaral, dahil that is a violation of human rights, dahil kahit sya ay pumayag pa, alam nating wala namang gamot para sa COVID-19 sa ngayon. Walang ethics review board na mag-aapprove sa Pilipinas para payagan ang ganoong pag-aaral.

Dr. Isagani Padolina: Central po ang FDA regulatories dito sa pagaaral natin sa COVID-19 vaccine. Sir Eric, will the manufacturer finish Phase IV trial before he can distribute? Kailan po ba iaapprove ng FDA ang pag distribute ng vaccine?

Dr. Eric Domingo: Katulad po ng in-explain ni Dr. Lulu Bravo kanina, yung Phase I, II and II clinical trial na po ang nagseset ng safety at efficacy ng bakuna. So after the Phase II trial, makikita na po natin yung safety profile nya tsaka yung efficacy at maari na po syang i-register. Ibig sabihin, maari na po syan i-approve ng FDA for distribution pero for monitored release. Ibig sabihin, maari na po syang ibenta at gamitin, pero yun hong manufacturer at distributor ay binabantayan po at nirereport sa FDA kung may makikita pong adverse effect o side effects. Yun pong Phase IV CT, tinatawag pong post-marketing surveillance o post authorization, ibig pong sabihin, nalisensyahan na at pwede na po syang ibenta, at binabantayan natin for the next two to three years kung meron pa tayong makikita na possible side effects sa matagal na panahob bago lumabas, o kaya pag milyon miyon na yung nabakunahan, yung mga very rare na possible adverse events na pwede nating makita. Pero yun po, post marketing na po yung Phase IV, ibig sabihin sa Phase III, lisensyado na at pwede na po syang magamit at maibenta with strict monitoring.

Dr. Ma. Liza Antoinette Gonzales: Question po from Ms. Carolyn Bonquin. The government plans to have a vaccine manufacturing facility in the Philippines, which areas will these be established? And how soon can we set these up?

Dr. Jaime Montoya: Marami tyaong mga eksperto ngayon na naandito, at tingin ko ay bigyan natin sila ng pagkakataon na sagutin itong tanong na ito. Nakikita ko dito si Asec Leah Buendia, baka po pwede natin ipaliwanag sa kanila ang ating ginagawa.

Asec Leah Buendia: Actually in the short term, the manufacturing of vaccine will just be a fill in finish, ito po yung una naming plano with the SubTWG of which maraming agencies ang members. Dahil kung fill in finish, ay pinakamabilis, at pangalawa, private sector are willing to collaborate with us on this. But in the long term, I think a manufacturing facility by which we will have already the capacity to produce, will hopefully be in place. Also, there will be a research and development component, of which yun po yung sinasabi ni Usec Guevara na vaccine S&T institute of the Philippines. This will support the manufacturing site of the vaccine itself, and not only for COVID, but other vaccine on the virus side like plants and animals will be included.

Dr. Ma. Liza Antoinette Gonzales: How many vaccine developers are we talking to right now? Does this include the frontrunners? Are there any updates with the discussions with them?

Asec Leah Buendia: May I turn over it to Dr. Gloriani, the head of technical panel?

Dr. Nina Gloriani: Good morning everybody, remember we announced na meron pong IATF approval to collaborate with China, pero doon sa lima, dalawang companies pa lamang ang nasa taas ng landscape, na nasa Phase II na sila, ito po yung Sinovac at Sinopharma, but there are other negotiations or talks with Pfizer at Moderna, even Oxford, ito po yung anim na nasa top list na advanced stage sila ng development at Phase III. Number 1 there is Oxford Astra Senica, Number 2 is SInovac, Number 3 and 4 yun Sinopharma kasi dalawa nag kanilang vaccines, and we have Moderna and Pfizer. Meron pa pong iba pero Phase II pa lang sila and I think eventually they will move up to Phase III. So hindi natin alam sino dun yung sasali sa WHO Solidarity Trial, but right now, yun po yung mga kausap natin. Salamat po.

Dr. Ma. Liza Antoinette Gonzales: Follow up po, about the Sputnik V Russian Vaccine. Ano po ba nag updates natin doon?

Dr. NIna Gloriani: Meron na kaming nakuhang kaunting information, synopsis, but we require the complete technical dossier. Until that happens, hindi po namin mafufully evaluate yung kanilang product. Mayroon pong very strict requirements ang FDA about that.

Dr. Ma. Liza Antoinette Gonzales: Ma'am ano po ba ang clinical qualifications na pwedeng sumama sa Russian vaccine?

Dr. Nina Gloriani: Lahat ng information that they have, yung preclinical development nila, maraming mga data doon that we need, safety, immunogenicity, efficacy tapos human trial kung meron na sila. We will be very strict with that. FDA will have the final approval, meron na silang tinitgnan na minimum standard fo this pandemic vaccine, susundan po lahat iyon, we have to assure the public that there will be rigorous evaluation of the vaccines sa lahat.

Dr. Ma. Liza Antoinette Gonzales:: Do the volunteers for the CT have to test negative from a PCR test before having them included in the trial?

Dr. Nina Gloriani: May ibang mga pag-aaral abroad that includes yung mga trial ng seropositive, about 10%. Sa ibang trials, may seropositive na sinali, may antibody pero iba ang analysis non. Technically what we want for trials here are seronegative, walang COVID, at walang antibody, yun po ang ating uunahin.

Dr. Chette: From Ms. Melly Tenorio, papaano kung namatay ang nag-undergo ng trial? Siguro this is regarding vaccine safety po and adverse effects, Ma'am Lulu, ano po ba ang gagawin pagka may nangyaring adverse effect, death is of course considered a severe adverse effect.

60:00-80:00 [Yana]

Dr. Lulu Bravo:
Well, thank you, Chet. Actually, sa isang clinical trial, sabi nga natin, lahat ng nngyayari sa pasyente ay minomonitor. From the time na binigyan sila ng bakuna, for 1 year, 2 years, 3 years, pwede pang 5 years; talagang binabantayan sila. And mayroon talagang namamatay. Iniimbestiga at tinigtingnan noong principal investigator kung ano ang kadahilanan ng pagkamatay. Kasi lahat ng 'yon, yung namatay, yung naospital, yung nagkaroon ng seizure; yung lahat ng nangyari sa kanya, dinidetermine or pinagaaralan noong principal investigator- and usually, eksperto at espesyalista ang mga principal investigator- dinidetermine nila ano ang dahilan ng pagkamatay. At kung yan ay related sa bakuna, itatala nila yan. Ito ba ay dahil sa bakuna kaya namatay? Ito ba ay dahil sa ibang paraan? Like, baka naman mayroon syang sakit na TB, nahawa sya sa TB, wala namang relasyon yung TB doon sa bakuna. Or sya ba ay nagkaroon ng tinatawag natin na cancer? Pwede rin makita kung yan ba ay--

Dr. Jaime Montoya:
Or ano, tumatawid ng kalye, nabangga, namatay.

Dr. Lulu Bravo:
Yes, so lahat ng yan ay iniimbestigahan para malaman kung ano ang naging dahilan. At kung makita na yan ay may kinalaman sa bakuna, mayroong tinatawag na liability clause. Lahat ng clinical trial natin, kung may nakitang hindi magandang epekto, na mdetermine galing sa bakuna, yan ay sinasagot ng isang klase ng tinatawag nating- it's like an insurance- it's like a liability. Mayroong clause yan. Mayroong allotment dyan ang kompanya, mayroong allotment dyan ang ERB. Pagka chineck mo yan sa ERB, lagi yan nakasama sa informed consent din. Sinasabi din yan sa mga pasyente kaya importante na lahat yan alam ng mga pasyente bago sila sumali.
Pero ang sabi ko nga kung naalala nyo kanina, sinabi ko na so far, so far, you know, knock on wood- sa tinatagal tagal ng vaccine trials dito sa Pilipinas, more than 30 years now, wala pa po tayong nangyaring ganyan na namatay dahil sa bakuna. Wala po kayong makikitang naging kaso na habang nasa clinical trials sya, nagkaroon sya ng- namatay sya or something na nangyaring ganon. Mayroon po mga side ffects kagaya ng nagkaroon ng konting- well, tinatawag po nating side effects, marami po yan, chinecheck talaga, nagkaroon ng-

Dr. Jaime Montoya:
Lagnat.

Dr. Lulu Bravo:
Yung mga side effect-

Dr. Jaime Montoya:
Oo, lagnat, masakit doon sa injection side, pero mga minor lang yan.

Dr. Lulu Bravo:
Yeah, so wala pa po sa lahat ng- at masasabi ko po, daan-daan na po ang mga nagawang clinical trials sa Pilipinas. Mula pa po noong 1990s. Sa vaccine trials po, masasabi ko po sa inyo, ako po ay nag pioneer. Kasama ko po yung aming mga pediatrician.

Dr. Jaime Montoya:
O, nabibisto ka, nabibisto ka, Dr. Lulu... Na bata ka pa.

Dr. Ma. Liza Antionette Gonzales:
Sige, thank you Ma'am Lulu, marami pa po tayong tanong. So from several- may several questions po tayo from the chatbox, si Ms. Mariz Umali, meron din related si Nes Aguilar, the Philippines Event News TV. At marami pa pong nagtatanong so maybe ano nalang, short answer nalang.

Dr. Jaime Montoya:
O, ang sasagot nyan ay si Undersecretary Guevara. Ma'am, tinatanong kung kailan daw magiging available ang- Ano ba 'to yung unang bakuna o yung Russian ano- yung unang bakuna sa Pilipinas?

USec. Rowena Cristina Guevara:
If we are talking about the availability in masss, we believe this is going to be happening in the second quarter of next year. Pero if we are talking about the clinical trials, it will start in the third- in the fourth quarter of this year. Yun lang po.

Dr. Maria Liza Antionette Gonzales:
Okay, thank you Ma'am. Tapos po, to the FDA so kay Dr. Montoya, "How are we going to be assured that the vaccines that would be delivered in the country for the clinical trials would be safe and effective?"

Dr. Jaime Montoya:
Okay, si DG Director General Domingo.

Dr. Maria Liza Antoinette Gonzales:
From Mr. Red Mendoza yan, the Manila Times.

Dr. Eric Domingo:
Yeah, hi Chet, I'm Eric ah, not Jimmy, from FDA.

Dr. Maria Liza Antoinette Gonzales:
Ay okay, hi Dr. Domingo.

Dr. Eric Domingo:
Yeah, well first of all, katulad po ng sinabi kanina, pag clinical trial phase 3, hindi naman po yan natin tatanggapin for a phase 3 dito sa atin kung hindi naprove sa phase 1 at phase 2 yung safety and some level of ano noh, efficacy po na ito ng isang bakuna. So dumaan na sya sa trial- phase 1 and phase 2- bago natin sya tanggapin pagkatapos gagawin naman natin yung isang masusing pagaaral- technical review by our experts, ng lahat po ng dokumento noong kanilang mga naunang phases- the earlier phases- including the pre-clinical studies bago natin iapprove.
And at the same time, very strict nga yung ating mga ethics ano noh, ethics boards dito sa Pilipinas. Titignan muna nila talaga kung- talagang mayroon tayong safeguards for all the participants, talagang hindi sa mapupunta sa ano noh, in any dangerous situation or hindi sila mapapahamak in any way.
So sisiguraduhin po natin yung screening na yan bago naman natin magpayag dito ng isang phase 3 trial. Ngayon po pagdating naman po sa pag talagang bakuna na, halimbawa, approved na tapos bumibili na ang either ang pamahalaan or ang private sector, ang bawat dating po, bawat shipment po ng bakuna mayroon po yang ano noh batch certification at tsaka lot certification. Sinusuri po muna natin lahat ng papeles, lahat ng dokumento to make sure na dumaan sya- na hindi sya nadaan sa maling temperatura. Pagkatapos kung may kailangan pong tests na gagawin just to make sure yung bakuna ay nasa tamang kondisyon, ginagawa rin po yan bago irelease.
So before every batch or lot of vaccines are released, nacheck na po ng FDA yan na siguradong wala na pong problema.

Dr. Maria Liza Antoinette Gonzales:
Thank you Dr. Domingo, now this is uh- mayroon pong mga- nako, napakadami po hindi ko po alam kung mababasa ko lahat. Pero babasahin ko po tong mga iba na medyo related. So questions about the Dengvaxia from Mr. Greg Gregorio TV5, similar question from Dhel Nazario and maybe- meron pang mga iba pero they were asking about yung Dengvaxia controversy and we know that it caused fear among some Filipinos and has been said to be a factor in the loss of confidence in vaccines and low immunization rates. So the question is, okay, so how can we assure or what is the government doing to allay these fears? So sino po ang gustong mag answer ng question na to?

Dr. Jaime Montoya:
Maganda sana isang taga Department of Health ang sumagot nyan pero siguro kung I would be allowed- Lulu, kasi alam ko ay mahaba ang iyong karansaan sa mga pagbabakuna, ikaw muna ang suamgot dito at sasagot din kami kung may oras pa.

Dr. Lulu Bravo:
Pwede naman, emotional ako pag tungkol sa Dengvaxia eh Kasi mahabang pagaaral ang ginawa sa Dengvaxia vaccine diba, sa RITM, at hindi lang- sa buong mundo, maraming trial yan. Sabi ko nga, walang nakita na nagkaroon ng- namatay or nagkaron ng talagang, you know, weird- kaya yan naaprubahan in the first place. And right now talaga namang sabi ng WHO pwedeng magbigay ng dengue vaccine sa mga countries na endemic or mataas ang incidence ng dengue. In fact, andyan si Dr. Eric pero talagang isa yan sa mga pinaglalaban namin na dapat ang Pilipinas, magkaroon na ulit nung dengue vaccine dahil tayo ang pinakamataas na may burden ng dengue sa Asia Pacific. Mas mataas na tayo sa Indonesia, sa Vietnam.
Ngayon ang sinasabi natin kagaya nga ng papaano natin marerestore ang public trust dahil nasira yan nung 2018 at yan ang madalas kong sabihin na importante para magkaroon tayo ng public trust, kagaya ng mga nangyayari ngayon, nagpapainterview kayo, nagbibgay tayo ng mga kaalaman, nagbibgay tayo ng mga media conference like this para sa masabi sa madling tao, sa ating mga mamamayan ang kahalagahan ng pagbabakuna.
Actually nga, natutuwa ako dahil ngayon, marami nang gustong makaalam tungkol sa bakuna napakadami na ang kailangan nating matutuhan. Narerealize nila na hindi pala simple yung pagaaral ng bakuna, na napakadami palang dapat malaman dyan diba? Yan ang tinatawa natin na science and vaccine literacy kasi noong araw pa, noong magumpisa yang Dengvaxia na controversy, talaga namang- hirap na hirap tayong magpaliwanag kung ano ang ibig sabihin ng- bakit clinical trial, bakit yan naaprubahan ng FDA, bakit ganito. Ngayon, unti-unti na nilang natutuhan, and sana hindi lang sa ngayon, I am willing- and I'm sure you too, from the Department of Science and Technology- pwede tayong magkaroon ng regular press conference tungkol sa pagbabakuna. Lalo ngayon at kailangang kailangan ng mga tao ng kaalaman dahil little knowledge is dangerous. Pagka hindi ka nagcommunicate well, hindi ceffective ang communication mo, yan ang isang papatay sa mga tao- hindi mo ba alam yon, na importante magaling at mahusay ang komunikasyon natin dahil deadly din yung mga tinatawag nating misconceptions, myth na tinatawag- mga kung anu-anong naniniwala sa sabi-sabi. Sabi ko nga, isa sa pinakamagandang maipapayo natin sa ating mga mamamayan, pwede ba making kayo sa mga scientist, sa mga eksperto. Doon dapat nakikinig ang mga tao, hindi sa kung anu-anong sabi-sabi, walang bait sa sarili. Yun lang, thank you.

Dr. Maria Liza Antoinette Gonzales:
Okay, so maybe last, last questions na lang and let's just focus on the DOST's vaccine initiative. So ano po ba- pwede po bang isummarize lang or sabihin ang timelines with regards to clinical trials for COVID vaccines? Kailan ba talaga, ano po bang vaccine ang uunahin, by next year ba, may ibang vaccine ba, ano pa ba- basta yung regarding the plans on clinical trials and the timelines on the DOST's vaccine initiatives. Dr. Montoya?

Dr. Jaime Montoya:
Oo, alam mo, sisikapin kong sagutin yang tanong na yan. Mahirap yan sagutin dahil maraming mga ifs and buts yan, pero sasagutin ko noh as best as I can. Unang-una, yung pagbibigay ng timeline kasi depende sa anong klaseng bakuna at kung saan manggagaling na bakuna. Ang pinakaimportante nating isipin ay hindi tayo magkakaroon ng timeline until maaprubahan ng isang FDA ng isang bansa usually yung bansa kung saan ginagawa yung bakuna bago tayo makapagsasabi kung ano ba talaga yung timelines na involved.
Now, itong sa Russia for example, kasi naglabas sila na, yun nga, na sila ay handa na magphase 3, may timeline silang sinet kaya alam natin kung kalian yan mangyayari. Halimbawa, nanggaling sa kanila na ang clinical trial ay magisismula by Semptember noh, ngayong September and it will take 3-6 months. Kaya alam natin na matatapos yan mga Enero. So kung ano man ang mga bansa na sasali doon sa phase 3, alam natin na matatapos lahat yan by January of next year. Pagkatapos noon, katulad ng sinabi ni Director General Domingo, itong mga resulta na ito ay pag aarala noh. Iipunin lahat ng vaccine developer kasi ito'y ginawa sa iba-ibang bansa- pagaaralan, at kapag ito ay nakitang maganda ang resutla, isusubmit nila ngayon ito sa kanilang Food and Drug Administration. Sabihin na nating isang buwan bago nila mapag-aralan lahat yung mga datos, so that means end of- first quarter of next year, most likely nasubmit na nila yan sa kanilang FDA- sa Russia- for example, nasubmit na nila at nabigyan na yan, siguro, ng approval kung

magaganda ang resulta- nakumbinsi ang mga awtoridad ng kanilang FDA. Doon palang sila magbibigay o magsusubmit ng mga dokumento sa mga FDA ng mga iba't-ibang bansa katulad ng Pilipinas.
So, assume natin na naapprove yan ng- end of first quarter, isusubmit nila yan sa mga iba't ibang bansa, first month, mga April of the 2nd quarter. Dadalhin yan- kunwari sa Pilipinas, sa FDA, mga isang buwan yan na pagaaralan, siguro, ng ating FDA. Maririnig natin si Dr. Domingo kung ano ang kanyang timeline, at siguro, by the end of the 2nd quarter mga- April, May, June noh- May o June, pwedeng lumabas ng yung approval ng FDA natin, which means pwede na syang ipagbili o pwede na syang gamitin ng mga pIlipino. So example lang yon, so lagi tayong bibilang kung kailan matatapos yung phase 3- o kung kailan magsisimula, kalian magsisimula, tatlo hanggang anim na buwan, matatapos noon, magbigay ka ng isang buwan para yun ay pagaralan yung mga datos, Isusubmit nila sa kanilang FDA, doon sa kung saan sya ginagawa at pag yon naaprubahan, at tsaka nila isusubmit sa mga FDA ng iba't ibang bansa kasama na ang Pilipinas. Magbigay ka ulit ng isang buwan para pagaralan yan ng mga FDA ng kanya-kanyang bansa at pag nagrelease sya after 1 month, doon pwedeng ipagbili na yung nasabing bakuna.
Dr. Maria Liza Antoinette Gonzales:
Dr. Jim, in relation ba dyan, kasama ba dyan ang WHO Solidarity vaccine trial?

Dr. Jaime Montoya:
Oo, kasama dyan, at ang solidarity trial, nasusupervise ng WHO ay isasailalim din sa ganoong pamamaraan. Hindi sya exception. Ang kagandahan lang ng solidarity trial, maraming bakuna ang kasama doon sa pagaaral na yon, hindi lang isang klase ng bakuna. At ito'y magtatagal din ng mga tatlo hanggang anim na buwan pero kailangan pa din syang aprubahan ng FDA ng iba't ibang bansa kung saan gagawinn yung trial bago ito simulant.

Dr. Maria Liza Antoinette Gonzales:
Okay so thank you very much, Dr. Montoya. Nako, napakadami pa pong tanong pero pasensya nap o kayo medyo napapagsabihan na po ako na I have to start wrapping up. So before that, may mga announcements ako later na important but maybe we'd like to hear from USec. Guevara for her- please give your closing remarks po, Ma'am, can we hear from USec. Guevara?

USec. Rowena Cristina Guevara:
Secretary Fortunato dela Peña of the Department of Science and Technology (DOST), Director General Eric Domingo of the Food and Drug Administration (FDA), Dr. Nina Gloriani, chair of our Vaccine Expert Panel, Dr. Rontgene Solante, Chair of the Adult Infectious Diseases and Tropical Medicine Center of the San Lazaro, Dr. Lulu Bravo, Executive Director of the Philippine Foundation for Vaccination, Assistant Secretary Leah Buendia, our hosts, Dr. Maria Liza Antoinette Gonzales and Dr. Isagani Padolina, Executive Director Dr. Jaime C. Montoya of the Department of Science and Technology-Philippine Council for Health Research and Development (DOST-PCHRD), our friends from the media, ladies and gentlemen, good morning.
Allow me to extend our gratitude to our guest speakers and all our media attendees today, for being our partners in disseminating reliable information, especially on all our efforts to address the COVID-19 pandemic. Media has always played a vital role in science and technology, by ensuring that research-based solutions and innovations reach our communities.
Undeniably, COVID-19 brought unprecedented challenges in our healthcare, economic and social welfare systems. As we face these times of uncertainty, the solidarity among our communities and organizations is key to alleviating the burdens the global health crisis has brought upon us. Rest assured, that we, at the DOST, are committed to advancing science and technology in the country's quest to provide high-quality and accessible solutions for the Filipinos. As we move forward in building our network and establishing partnerships to ensure access to the potential COVID-19 vaccine, we hope you will all continue to support us.
To the best of our abilities, we will continue to provide up-to-date information, not only on our COVID-19 initiatives, but for the rest of our science, technology and innovation efforts. We need our friends in media to ensure that the correct information reach our *kababayans* to dispel their fears and anxiety in this time of COVID-19. Help us communicate science to the people. Correct information is the key to fighting COVid-19. With science and technology on our side, we will overcome the COVID-19 pandemic, and we will heal as one. Thank you very much.

Dr. Maria Liza Antoinette Gonzales:

Thank you very much USec. Guevara. So thank you also to our expert resource speakers, Dr. Montoya, Dr. Bravo, Dr. Domingo, Dr. Gloriani, Dr. Buendia, our partners in media, my co-host. Thank you for attending this Media Conference on COVID-19 vaccines. A recorded video of this conference will be available on DOST-PCHRD Facebook page. The frequently asked questions we have presented today and those which have not been answered will also be uploaded on this website flashed on your screen. The FAQs will also be updated every week so you may visit the site if you have additional questions. You may also send us your queries by messaging PCHRD's Facebook page also flashed on your screen. On behalf of the TWG on vaccine development and our presenters, thank you for joining us today. And have a great rest of your day!

--end--